Canadian Rockies
Ni Clarence M. Batan

Kung paanong nabuo ang hanay ng mga bundok
Sa gitna ng malawak na kontinenteng
Yumayakap hanggang sa kailalimang ng mundo
Ay di ko kayang maintindiha't matanto.
Malalaking tipak ng mga batong waring
May binabantayang mahalagang kaharian.
Nyebeng humahalik sa espasyong
Humuhugis ng iba't ibang kwento…
Malamig na yelong gumuguhit ng larawang
Di kayang ipaliwanag ng mga salita,
Ni di kayang kulungin sa kanbas ng
Pinakamagaling na pintor na isinilang sa mundo,
'Pagkat ang talento't kulay ay di sasapat
At ang tangkang paglalarawa'y di maaapuhap.

Ang mahaba't liku-likong landas
Na sa dambuhalang mga bundok ay bumabagtas,
Binubuhay ng mga luntiang halamang
Kakaiba ang katangian dahil
May kakayahang mabuhay sa
Apat na dikta ng panahon:
Tag-init, tag-lagas, tag-lamig at tag-sibol.

Sa bahaging ito ng mundo
Nangungusap ang Maylikha,
Nagpapaalala sa Kanyang Kadakilaan
Kung saan, ang paglikha'y
Di abot ng anumang kaalaman –
Dahil ito'y kagalinga't kagandahan,
Kabutiha't kapurihan ng Poong Maykapal.

…Na sa aking panghihina
Kawalan ng loob at pag-aalinlangan
Muli kong nabatid ang halaga ng buhay
Dahil nakita ng aking mapagdudang mga mata
Ang napakagandang likha ng Panginoon!

April 30, 2008
Written while driving close to the Canadian Rockies with JP and Ramel
Edited at JP's place, Edmonton Alberta